Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

OFFICE OF THE SECRETARY TO THE SANGGUNIANG BAYAN

RESOLUTION NO. 2026-31

Date of Session : February 02, 2026

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 01, SERYE 2026 "KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG PAGLALAAN NG PONDO NG SANGGUNIANG KABATAAN NG ABANGAN NORTE NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG MILYON DALAWANG DAAN LABING-ISANG LIBO LIMANG DAAN WALUMPU'T ISANG PISO (P2,211,581.00) PARA SA MGA PROGRAMA, PROYEKTO, AT AKTIBIDAD NG SANGGUNIANG KABATAAN NG BARANGAY ABANGAN NORTE PARA SA TAONG 2026."

	Receiving Office	Received By: (Print Name & Signature)	Date Received
1	Mayor's Office	[redacted]	2/6/26
2	MPDO		2-4-26
3	Budget Office		2/5/26
4	SK ABANGAN NORTE		3/24/26
5			
6			
7			

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

Tanggapan ng Kalihim ng Sangguniang Bayan

SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN, NA IDINAOS SA BULWAGANG PULUNGAN NG BAHAY PAMAHALAAN NOONG PEBRERO 02, 2026

MGA DUMALO:

Kgg. Ariel P. Amador — Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo

MGA KASANGGUNI

Kgg. Maria Luisa I. Silvestre
Kgg. Juanito H. Santiago
Kgg. Wilfredo D. Diaz
Kgg. Harvey C. Mediante
Kgg. Mary Del Jasa-Aquino
Kgg. Vanessa Valdez-Seminiano
Kgg. Divina E. Reyes
Kgg. Jessalyn Mahilac-Dela Cruz

EX-OFFICIO

Kgg. Guillermo T. Paraoan Jr. (ABC President)

HINDI NAKADALO:

Kgg. Carlo Gabriel G. Solis (SK Presdient)

KAPASIYAHAN BLG. 2026 – 31

Sa pagtataguyod ni:
Kgg. Ariel P. Amador

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 01, SERYE 2026 "KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG PAGLALAAN NG PONDO NG SANGGUNIANG KABATAAN NG ABANGAN NORTE NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG MILYON DALAWANG DAAN LABING-ISANG LIBO LIMANG DAAN WALUMPU'T ISANG PISO (₱2,211,581.00) PARA SA MGA PROGRAMA, PROYEKTO, AT AKTIBIDAD NG SANGGUNIANG KABATAAN NG BARANGAY ABANGAN NORTE PARA SA TAONG 2026."

SAPAGKAT, alinsunod sa mga probisyon ng Republic Act Blg. 10742, na kilala bilang *Sangguniang Kabataan Reform Act of 2015*, ang Sangguniang Kabataan ay inaatasang maghanda at magpatupad ng taunang badyet para sa mga programang makabubuti sa kabataan;

SAPAGKAT, ang SK Chairman ng Barangay Abangan Norte, Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, Kgg. Edwin V. Rivero Jr., ay nagsumite sa Sangguniang Bayan ng Marilao ng kanilang Taunang Gugulin para sa Taong 2026 para sa kaukulang pag-aaral, pagsusuri, at pagpapatibay;

SAPAGKAT, ang nasabing Taunang Gugulin ay may kalakip na Unang Pagpapatibay (*First Endorsement*) mula sa Local Finance Committee, bilang patunay na ito ay masusing napag-aralan at sinuri alinsunod sa mga umiiral na alituntunin;

SAPAGKAT, ang isinumiteng Taunang Gugulin ay naaayon at alinsunod sa mga umiiral na batas, mga alituntunin, at sa mga probisyon ng *Sangguniang Kabataan Reform Act of 2015*;

PANGKARANIWANG PULONG
KAPASIYAHAN BLG. 2026 – 31

SAPAGKAT, ang mga pondong nakapaloob sa nasabing Taunang Gugulin ay nakalaan sa mga programang, proyekto, at aktibidad na naglalayong paunlarin ang kakayahan, partisipasyon, at kapakanan ng mga kabataan sa Barangay Abangan Norte;

KUNG KAYA'T sa mungkahi ni Kgg. Maria Luisa I. Silvestre na pinangalawahan ni Kgg. Juanito H. Santiago at sinang-ayunan ng lahat na kasangguning dumalo.

IPINASIYA gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na pagtibayin ang KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 01, SERYE 2026 "KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG PAGLALAAN NG PONDO NG SANGGUNIANG KABATAAN NG ABANGAN NORTE NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG MILYON DALAWANG DAAN LABING-ISANG LIBO LIMANG DAAN WALUMPU'T ISANG PISO (₱2,211,581.00) PARA SA MGA PROGRAMA, PROYEKTO, AT AKTIBIDAD NG SANGGUNIANG KABATAAN NG BARANGAY ABANGAN NORTE PARA SA TAONG 2026."

IPINASIYA pa rin na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang lahat ng Pinuno o Tanggapan na may kinalaman dito.

PINAGTIBAY NANG BUONG PAGKAKAISA, ngayong ika-2 ng Pebrero, taong 2026.

Pinatutunayan ko na ang kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan.

[redacted]

EDGAR P. RAMIREZ
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY: 02-04-26

[redacted]

ARIEL P. AMADOR
Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo